

KASULATAN NG IMPORMASYON MATIBAY NA KAGAMITANG MEDIKAL

Ano ang Matibay na Kagamitang Medikal (Durable Medical Equipment o DME)?

Ang Matibay na Kagamitang Medikal ay kagamitan para tumulong sa mga problema sa kalusugan. Ang Matibay na Kagamitang Medikal ay kailangang:

1. Maaaring Gamiting Muli
2. Kinakailangan dala ng medikal na dahilan – inireseta ng isang doktor sa pangunahing pangangalaga o ng gumagamot na doktor
3. Kailangan ay isang kagamitan, hindi gamot o mga serbisyo

Ano ang itinuturing na Matibay na Kagamitang Medikal?

Ang Matibay na Kagamitang Medikal ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Mga kama ng ospital
- Mga walker
- Mga wheelchair
- Kagamitan para sa oxygen sa bahay
- Mga scooter; at
- Marami pang iba

Tandaan: Ang mga naitatapong bagay kasama ng Matibay na Kagamitang Medikal – halimbawa mga diabetic strip na ginagamit kasama ng glucose monitor – ay itinuturing din na matibay na kagamitang medikal.



Sino ang may sakop sa Matibay na Kagamitang Medikal?

Sakop ng Partnership HealthPlan ang karamihan ng matibay na kagamitang medikal kung ang kahilingan ay ginawa ng isang doktor. Dapat makipagtulungan ang isang miyembro ng PHC sa isang doktor at kompanya ng DME supply para isumite ang kahilingan.

Kung mayroon kayong kapwa Medi-Cal at Medicare, ang Medicare ang unang may sakop sa mga halaga ng matibay na kagamitang medikal. Ang Partnership HealthPlan lamang ang pangunahing may sakop matapos na hindi isama ng Medicare sa sakop nito ang mga halaga ng Matibay na Kagamitang Medikal. Kailangang magbigay ang isang doktor sa PHC ng dokumentasyon na hindi isinama ng Medicare sa sakop ang DME para repasuhin ng PHC ang kahilingan.

Mga Pagkukumpuni at Pagbabago

Matutulungan kayo ng inyong doktor sa pangunahing pangangalaga o ng inyong tagapagresetang doktor kung ang inyong Matibay na Kagamitang Medikal ay nangangailangan ng mga pagkukumpuni o pagbabago.

Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro para sa mga karagdagang tanong sa **(800) 863-4155**.